

INTERNATIONAL NAPASA (May 14th, 2024)

1)PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

しょうなんひらつか
湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa May 26 (Sunday) ay magkakaroon ng **SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa **INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106)**.

2)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADUUM

しょうなん
湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa May 19 (Sunday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **ALBIREX NIIGATA**. Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 4:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500**.

3)IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

さかなちよくばい
魚直売会のお知らせ

Sa May 24 (Friday) ay magkakaroon ng direktang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Magbebenta rin ang JA Shonan ng mga lokal na gulay. Mula 2:00 ng hapon ay magbebenta ng daing at mga gulay at mula 3:00 ng hapon ay magbebenta naman ng sariwang isda at ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa **FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-21-0146 (0463-21-0146)**.

4)IMPORMASYON UKOL SA PAGESUSURI NG CANCER AT TUBERCULOSIS

ガンと結核の健診のお知らせ

Ngayon ding taon ay magsasagawa ng pagsusuri ng **CANCER** at **TUBERCULOSIS** dito sa Hiratsuka City . Ang schedule at lugar ng pagpapasuri nang naka-grupo ay makikita sa **Home Page** ng Hiratsuka City. Kung mahigit sa 70 gulang ang magpapasuri ng Cancer ay walang bayad. At libre naman ang lahat sa pagpapasuri ng **TUBERCULOSIS**.

1. Ang bayarin sa pagsusuri ng **STOMACH CANCER** para sa 40 taong gulang pataas ay nagkakahalaga ng **¥ 1400**.
2. Ang bayarin sa pagsusuri ng **COLORECTAL CANCER** para sa mga taong may edad 40 taon pataas, ay nagkakahalaga ng **¥ 500**.
3. Ang pagsusuri ng **UTERINE CANCER** para sa mga kababaihang may 20 taong gulang pataas ay nagkakahalaga ng **¥ 1000**.
4. Ang pagsusuri ng **BREAST CANCER** na may edad na even number ay **¥ 2000**.

Para sa mga gustong magpasuri ay sagutan ang ipinadalang impormasyong "**Pagsusuri ng Cancer at Tuberculosis** sa bawat tahanan. Para sa iba pang katanungan ay makipag-alam sa **HEALTH SECTION (KENKO KA)** ng City Office. **Telephone No. 0463-55-3700 (0463-55-3700)**.